



Ano ba ang Colonoscopy?

Ang colonoscopy ay isang procedure o pamamaraan upang makita ng isang colonoscopist ang loob ng lining ng rectum at colon gamit ang isang espesyal na instrumento na tinatawag na colonoscope.

Ang colonoscope ay isang pleksibleng tube na may maliit na kamerang nakakabit sa isang dulo nito upang ang colonoscopist ay makakuha ng mga larawan at video sa iyong colon. Habang isinasagawa ang colonoscopy, maaaring kumuha ng mga tissue samples at maaari ding tanggalin ang polyps.

Maging handa

Ang iyong colonoscopy ay maaaring makansela o kailangang ulitin kung di mo sinunod ang lahat ng mga tagubilin na ibinigay sa iyo.

Ang matagumpay na pagsasagawa ng colonoscopy ay depende kung gaano kalinis ang iyong colon. Upang linisin ang colon mo, dapat kang uminom ng gamot para sa paghahanda ng bituka o bowel preparation. May iba't ibang uri ng gamot na magagamit sa paghahanda ng bituka. Ang patient coordinator ay isasaalang-alang ang kasaysayan ng iyong kalusugan upang matukoy ang pinakamahusay na gamot para sa iyo.

Hindi mo kinakailangan ng reseta para sa gamot na ito, ngunit mas mahusay na tawagan muna ang iyong pamilya upang siguraduhin na may stock nito isang linggo bago ang iyong colonoscopy.

Kailangan mo ring gumawa ng ilang mga pagbabago sa pagkain mo pitong araw bago ang iyong colonoscopy.

Tungkol sa Paghahanda ng Bituka

Ang gamot para sa paghahanda ng bituka ay magreresulta ng pagtatae (bowel clearing diarrhea). Ang mga tagubilin ay ibabagay sa iyong mga pangangailangan at oras ng colonoscopy mo. Ang gamot ay pumipigil sa malaking bituka (large bowel) na pumasok ang tubig. Ang isang tao'y maaaring mawalan ng tatlo hanggang apat na litro ng tubig bawat araw, kaya napakahalagang uminom ng maraming tubig isang araw bago ang iyong colonoscopy upang manatiling hydrated o may tubig sa katawan. Ang dehydration ay hindi mabuti at nagiging sanhi ng panghihina, pagkahilo, pagsakit ng ulo at fatigue.

Magsisimulang umepekto ang gamot sa loob ng isa hanggang tatlong oras para sa karamihan ng tao. Maaari itong umepekto nang mas maaga kung mayroon kang sensitive system. Siguraduhing huwag kang umalis ng bahay matapos na inumin ang gamot! Epekto din ng gamot na gawing mas aktibo ang iyong bituka, kaya ang iyong dumi ay magiging mas acidic. Ang puwit mo ay maaaring sumakit. Pwedeng gumamit ng baby wipes sa halip na toilet paper, maghugas ng ibabang bahagi ng katawan at mag-apply ng Vaseline o zinc ointment sa apektadong bahagi.

Mga mahahalagang talâ tungkol sa paghahanda ng bituka:

- Ang pag-inom ng tubig lamang ay pwedeng maging sanhi ng isyu sa blood salt levels na maaaring humantong sa mga problema sa puso o seizure.
- Mangyaring obserbahan ang sarili mo sa mga posibleng side effects tulad ng pagduwal, pagsusuka, kabag (abdominal bloating) at pagkahilo.
- Humingi ng tulong medikal kung nakakaranas ka ng patuloy na pagsusuka, malubhang pagsakit ng tiyan, pagdumi ng may dugo, pagsakit ng dibdib at /o mahimatay.
- Mangyaring maging handa! Ang iyong colonoscopy ay maaaring makansela o kailangang ulitin kung di mo sinunod ang lahat ng mga tagubilin na ibinigay sa iyo.

Listahan ng mga Kakailanganin Mo Bago Mag-Colonoscopy



7 ARAW BAGO NITO

- Bilihin iyong ang gamot para sa paghahanda ng bituka (bowel preparation medication) mula sa lokal na parmasya o tindahan ng gamot.
- Itigil ang pag-inom ng mga iron supplement.

MGA TALÂ: _____

5 ARAW BAGO NITO

- Iwasan ang mga nuts at grains tulad ng mani, mais, whole grain na tinapay at granola.

MGA TALÂ: _____

1 ARAW BAGO NITO

- Uminom lamang ng mga malinaw na inumin (clear fluids). Iwasan ang inuming may alkohol.
- Inumin ang gamot mo para sa paghahanda ng bituka.

MGA TALÂ: _____

Mga Malinaw o Clear na Inumin

Napakahalagang uminom ka hindi lamang ng maraming tubig, kundi ng iba't ibang mga inumin. Kailangan mong palitan ang electrolytes na di matatagpuan sa tubig. Iwasan ang mga inumin na may kulay pula o purple na food colouring.



**hindi pwede ang gatas o creamer*

ARAW NG PROCEDURE

- Dapat dumating sa oras at dalhin ang iyong BC Care /Services Card at Photo ID.
- Iwanan ang iyong mga mahalagang bagay sa bahay.
- Huwag gumamit ng mga pabango (scented products).
- Magsama ng isang adult o nasa hustong gulang na maghihintay sa iyo sa oras ng colonoscopy at pagkatapos nito.

MGA TALÂ: _____

Kontakin kami:

Colon Screening Program
801-686 West Broadway,
Vancouver, BC V5Z1G1
1-800-663-9203
www.screeningbc.ca/colon